

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 8
Ang Daigdig sa Klasikal at
Transisyunal na Panahon
Ikalawang Markahan – Ikalimang Linggo



Jomar B. Vagallon
Manunulat

Ma. Martha R. Ullero
Tagasuri

Maria Elena Araja
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Sa pagpapatuloy ng aralin siguro hindi na bago sa iyong pananaw kung ano ang iba't-ibang ambag o kontribusyon ng ating mga ninuno sa ating bansa. Nakikita at naririnig mo pa rin ang kanilang mga kontribusyon sa lipunan at ilan lamang sa mga ito ay tulad ng *Hagdan Hagdang Palayan*, *Makalumang Alpabetong Pilipino tulad ng Baybayin*, mga kagamitan sa pagsasaka at pagluluto na gawa sa luwad o clay.

Kung iyong babalikan ang mga naunang aralin, nasuri mo ang mga kontribusyon ng mga sinaunang tao tulad ng apoy, paggawa ng kagamitan na yari sa bato, tanso at bakal, paraan ng paglilibing at pagsusulat, at iba pa. Napag-aralan mo rin ang mga ambag ng mga Sinaunang Kabihasan sa Daigdig tulad ng *pyramid*, *ziggurat*, mga batas tulad ng *Code of Hammurabi* at *Hanging Garden of Babylon*.

Sa panimula ng iyong aralin, maglalakbay ulit tayo sa mga klasikong kabihasan tulad ng Griyego, Roma, Mesoamerica, Africa at mga Pulo sa Pacific. Sa aralin na ito mapag-aaralan mo ang ilang mga pamana ng mga kabihasan at patuloy pa rin namamayani sa ating lipunan.

Marahil ay handing–handanda ka nang malaman ang iyong aralin. Sa modyul na ito ay inaasahang matututuhan mo ang sumusunod:

- Natatalakay ang ambag ng klasikong kabihasan.
- Naipahahayag ang pagpapahalaga sa mga kontribusyon ng kabihasnang klasiko sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan.
- Makapagsasagawa ng isang kaisipan upang mapangalagaan ang mga kontribusyon sa kasalukuyan.



UNANG PAGSUBOK

A. Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong/pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga kariton na de gulong noon ay nakatulong para maimbento ang mga gulong para sa _____

- a. bahay b. bangko c. kotse d. wala sa nabanggit

2. Ang kalendaryong _____ ng mga Sumerian ang naging batayan ng kalendaryo ngayon.

- a. lunar b. punar c. sunar d. sumer

3. Kinilala siya bilang “Ama ng Biyolohiya” dahil siya ay nagpakadalubhasa sa halaman, hayop, Astronomiya, at Pisika.

- a. Aristotle b. Socrates c. Plato d. Homer

4. Ang Kristiyanismo ay isang **monoteistang** relihiyon. Ang salitang monoteista ay nangangahulugang?

- a. wala b. isa c. dalawa d. marami

5. Siya ay isang sikat na manunulat ng griyego na may akda *ng Iliad at Odyssey*.
 a. Euclid b. Homer c. Plato d. Socrates
6. Ang Olympic ay isang pampalakasang paligsahan na nilalahukan ng mga atleta galing sa iba't-ibang bansa. Si _____ ay isang sikat na Olympiad sa Pilipinas na nanalo ng pilak sa weightlifting?
 a. Hidilyn Diaz b. Kristel Macaroni c. Lydia De Vega d. Margielyn Didal
7. Ito ang pinakamahalagang istratukura ng Pransya na may literal na kahulugang "Templo ng mga Diyos"
 a. Coliseum b. Mosque c. Pantheon d. Templo
8. Ang salitang **Dura Lex, Sed Lex** ay isang wikang Latin na ang kahulugan sa wikang Ingles ay _____.
 a. "Always prepared" c. "I came, I saw, I conquer"
 b. "It is harsh, but it is the law" d. "Voice of the people, voice of God"
9. Paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa mga pamana ng sinaunang daigdig?
 a. Ang sumunod sa mga nakagawian na at tradisyon.
 b. Pagpunit o pagsunog ng mga makalumang kasulatan.
 c. Pagtapon ng mga basura sa paligid ng mga estruktura.
 d. Patuloy na pagyurak sa pamamagitan ng paglagay ng mga marka sa mahahalang pamana.
10. Paano nakakaapekto ang patuloy na pagbabago ng mga teknolohiya sa ating lipunan?
 a. Ang pagbabago ay maaring makapagdulot ng kaguluhan.
 b. Maaring tuluyang pagkawala o pagkalimot ng mga pamana.
 c. Nagdudulot ito ng kawalan ng trabaho sa iilang manggagawa
 d. Lahat ng nabanggit

B. Panuto: Piliin ang angkop na salita sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang upang mabuo ang diwa ng talata.


Papa	Latin	biyolohiya	iskolar
Kristiyanismo	Islam	Pranses	wika

Ang (11) _____ ay isa sa pinakamalaking relihiyon sa daigdig na pinamumunuan ng (12) _____. Ang sentro ng paniniwala ng mga Katoliko ay matatagpuan sa Vatican, Italy. Isang maliit na siyudad sa bansang Italy na binubuo halos ng mga pari at madre. Ang wikang (13) _____ ay ginagamit tuwing nagdaraos ng misa. Ang Latin ay isang patay na wika (*dead language*) na ginagamit ng mga sinaunang Romanong (14) _____ at emperador. Isa na dito ay si Julius Ceasar, isang Romanong diktador. Ang wikang Latin ay kalimitang ginagamit sa pag-aaral ng (15) _____, batas, agham at politika. Mahalaga ang pamana ng mga sinaunang sibilisasyon tulad ng wika, inhenyeriya, arkitektura at siyensya na patuloy na ginagamit sa kasalukuyang panahon.

Sa mga nakaraang aralin, nasuri mo na ang iba't-ibang uri ng kabihasan na namayani at umusbong sa ating lipunan at nalaman mo kung paano umunlad, lumakas, at humina ang bawat klasikong kabihasan sa lipunan. Sa gawaing ito bibigyan natin ng tanda ang bawat klasikong kabihasan.

Gawain 1: *Pin the World*

Panuto: Linyahan ang mapa sa tulong ng larawan at lagyan ng pananda. Matapos ito, piliin ang angkop na paglalarawan mula rito sa tulong ng pahayag sa ibaba. Isulat ang titik sa loob ng bilog na nasa larawan.



1. Ang (a) **Machu Picchu** ay kuta ng mga Incan na matatagpuan sa bundok ng bundok.
2. Pinaniniwalaan ng rehiliyong (b) **Islam** ang mga banal na aklat ng Koran.
3. Ang Pasipiko ay binubuo ng maraming (c) **Atoll** o isang pulo ng kural.
4. Ang mga Maya ay nagdadaos ng mga ritwal sa (d) **Pyramid of Kukulcan**
5. Ang mga muslim ay nagdadarasal sa mga (e) **mosque**.

TOP ADVENTURE TRAVEL DESTINATION



PAGPAPAKILALA NG ARALIN



Tanyag ang Pilipinas sa mga naggagandang karagatan katulad ng mapuputing buhangin ng Boracay sa Aklan at El Nido sa Palawan at kahanga-hangang Banaue Rice Terraces sa Ifugao. Gusto mo bang tuklasin ang Pinas kaya **“Experience the Philippines”** Tara na!!



Ciaio! – Tuklasin ang pamosong bansa ng Roma, Italy kung saan matatagpuan ang sikat na Coliseum na pinagdausan ng palakasan ng mga gladiator at magagandang arkitektura na mapapa **Te amo** ka talaga! Ano pa ang hinihintay mo! **Andiamo** na!!



Anyong Haseyo! Chinggunim! Matatagpuan sa Seoul Korea ang pamosong palasyo ng Gyeongbukgong na puno ng kultura at sining. Tikman ang masasarap na pagkain tulad ng *kimchi*, *topoki* at iba pa habang nakaupo sa ilalim ng mga punong kahoy ng Nami Island.

Bago ka magsimula ng ating aralin sagutin mo ang inihandang tanong

1. Kung ikaw ay maglalakbay, saang bahagi ng bansa o daigdig ang nais mong puntahan at bakit?
2. Paano nakakatulong ang mga pamana ng sinaunang kabihasan sa kasalukuyang panahon?

Lakbay – Aral Na!

Fun Facts 1: Ancient Rome

Ang Kristiyanismo ay isang relihiyong monoteista (naniniwala sa iisang diyos) na nakabatay sa buhay at pinaniniwalaang mga katuruan ni Hesus. Ito ang pinakamalaking relihiyon sa daigdig. Ang Vatican City ay sentro ng paniniwala ng mga Kristiyano na kung saan ang mataas na namumuno sa simbahan (Papa) ay nakatira dito.



Ang Pantheon ang isa sa pinakamahalagang istruktura ng France. Ang literal na ibig sabihin nito ay “*All the Gods*” o “Templo ng mga Diyos” na ipinatayo ni Emperor Hadrian. Makikita sa Pantheon ang mga estilo ng Griyego na Doric, Ionic at Corinthian. Isa sa mga impluwensya ng estilo ng Griyego ang National Musuem na matatagpuan sa ating bansa.



Ang kahalagahan ng *Twelve Tables* ay ang katotohanan na wala itong tinatanging uri sa lipunan. Ito ay batas para sa lahat, *patrician o plebeian*



man. Ito ang ginamit upang alamin ang mga krimen at tantiyahin ang kaukulang parusa. Nakasaad dito ang mga karapatan ng mga mamamayan at ang pamamaraan ayon sa batas. Hindi naging kaila na ang wikang Latin ay opisyal na wika ng Simbahang Katoliko. At kalimitan din itong ginagamit sa mga batas. Tulad halimbawa ng pahayag na “*Dura Lex, Sed Lex*” (“*it is harsh, but it is the law,*”) “*Vox Populi, Vox Dei*” (*Voice of the people, voice of God*)

ENGLISH 1	Introduction: The Twelve Tables
ENGLISH 2	The Twelve Tables
ENGLISH 3	Law and Justice
ENGLISH 4	Law and Society
ENGLISH 5	Law and Religion
ENGLISH 6	Law and Politics
ENGLISH 7	Law and Economics
ENGLISH 8	Law and Education
ENGLISH 9	Law and Art
ENGLISH 10	Law and Science
ENGLISH 11	Law and Philosophy
ENGLISH 12	Law and History

Ang mga Romano ay nagtayo ng mga *aqueduct* sa buong Imperyo, upang magdala ng tubig mula sa labas ng mga pinagkukunan sa mga lungsod at bayan. Ang tubig ng *Aqueduct* ay nagtustos ng pampublikong paliguan, latian, *fountain*, at pribadong kabahayan; Sinusuportahan din nito ang operasyon ng pagmimina, paggiling, bukid, at mga hardin.



Ang arch na natutuhan ng mga Roman mula sa mga Etruscan ay ginagamit sa mga templo, *aqueduct*, at iba pang mga gusali. Sa kasalukuyan maraming mga temple o gusali na mayroong arch na disenyo.



Fun Facts 2: Ancient Greek



Ang *Olympics* ay isang pampalakasang paligsahan na nilalahukan ng mga atleta mula sa iba’t-ibang bansa. Ito ay unang naganap noong 776 BC sa Olympia, lungsod-estado ng sinaunang Greece. Likas din sa mga Pilipino ang mahilig sa paligsahan lalo na sa larangan




ng boksing kung saan isa sa mga bantog na manlalaro dito ay si Sen. Manny Pacquiao. Nariyan din si Hidilyn Diaz na kauna unahang babaeng manlalaro ng Olympian ng Pilipinas na nakasungkit ng pilak na medalya (silver medal) sa larangan ng weightlifting.

Ang Ibong Adarna at Florante at Laura ay mga tanyag na Korido at Awit ng panitikang Pilipino na binibigkas sa madamdaming pamamaraan. Ang bawat kwento ay nagwawakas sa isang trahedyo o komedyo. Si Homer naman ang sikat na manunulat ng griyego na may akda ng Iliad at Odyssey na isang tulang epikong salaysay ng pagsakop ng mga Griyego sa lungsod ng Troy at ang pagbabalik ni Odysseus mula sa Trojan War.




Si Aristarchus ay isang griyegong astronomo at matematiko na nagpahayag ng modelong heliosentriko ng sistemang solar, na naglalagay sa araw bilang sentro ng sanlibutan. Si Euclid ay kilala bilang Ama ng Heometria o Father of Geometry. Ang kanyang librong “Mga Elemento” ay isa sa mga pinakamaimpluwensyang akda sa kasaysayan ng matematika.



Ang Pilosopiya ay nangangahulugang pagmamahal sa karunungan. Si Socrates ay isang bihasang Pilosopo na nagpasimula ng paggamit ng Socratic Method sa pagtuturo kung saan ang guro a nagtatanong sa halip na mag lektyur. Si Plato ay mag-aaral ni Socrates, sumulat



ng dayalogo sa pamamagitan ng dalawa o mas higit pang tauhan. Isa sa pinakatanyag ay ang Republic, isang talakayan tungkol sa katangi-tanging polis. Si Aristotle na pinakamahusay na mag-aaral ni Plato, ay nagpakadalubhasa sa halaman, hayop, Astronomiya, at Pisika.



Kinilala siyang “Ama ng Biyolohiya”. Ilan sa kanyang mga tanyag na aklat ay Rhetoric, Poetic, at ang Politics.



Ang tradisyunal na pananampalataya sa Greece ay ang pagsasamba sa iba’t-ibang diyos sa pangunguna ni Zeus. Dito nabuo ang Greek Mythology kung saan bantog na kilala dito sina Athena, Venus, Hercules, at marami pang iba. Ang mitolohiyang Griyego ay isang bahagi ng relihiyon sa modernong Gresya at sa buong mundo na kilala bilang Hellenismos.

Si Aesop ay isang bantog na manunulat ng mga pabula na ang mga tauhan sa kwento ay mga hayop na nagsasalita. Ilan sa kanyang mga sikat na obra ay ang Lion at ang Daga.



Fun Facts 3: South America, Africa at Mga Pulo sa Pasipiko



Olmec Colossal Head

Hindi rin mapantayan ang mga kontribusyon ng Olmec sa arkitektura ilan lamang dito ay ang mga Olmec Colossal Heads, na may taas na 1.17 hanggang 3.4-meter o 3.8 to 11.2 pulgada.



Isa sa mga naunang sibilisasyon na nabuo ay ang Sibilisasyon Olmec na tinatawag ding “rubber people” sa kadahilanang sila ang unang mga taong gumamit ng rubber sa pamamagitan ng pagkuha ng “sap” sa puno ng rubber.



Ang sibilisasyong Maya ay isa sa mga pinaka tugmang kalendaryo na mayroong 365 na araw. Ang kalendaryong ito ang kanilang naging batayan sa pagtatanim, pagpapakasal at kasama na rin ang pakikipagdigma. Naging batayan naman ng



kasalukuyang panahon ang kalendaryong lunar ng Sumerian.



Isa sa pinakabantog na pinuno ng imperyong Mali ay si Mansa Musa na nagpatayo ng mga templo at mosque. Sa panahon ng kanyang pamumuno, ang relihiyong Islam ang naging sentro ng pananampalataya ng mga Mali. Sa kasalukuyan, ang Islam ang puma pangalawa sa pinakamalaking relihiyon sa daigdig.



Isang rutang pangkalakalan ang ginamit ng mga nomadiko upang maitawid ang kanilang produkto gamit ang mga kamelyo. Sa kasalukuyan, ito ay patuloy na nagagamit.



GAWAIN

Gawain #1: KKK (Kaugnayan ng Kabihasan sa Kasalukuyan)

Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, magtala ng ilang kontribusyon ng kabihasan. Isulat ang kahalagahan nito at ang pag-uugnay nito sa kasalukuyang panahon.

Kontribusyon

	→	Kahalagahan:
	→	Kasalukuyan:
	→	Kahalagahan:
	→	Kasalukuyan:

Gawain# 2: Gumawa ng isang imbensyon na makakatulong sa kasalukuyang lipunan. (Hal: Ball Extinguisher, maraming sunog na nagaganap sa ating bansa. Makakatulong ito sa kaligtasan ng ating mga bumbero sa pagpuksa ng apoy.)

Imbensyon:	
Mga dahilan	Kahalagan sa kasalukuyan:



TANDAAN

- Maraming naging ambag ang mga sinaunang kabihASNAN sa kasalukuyan tulad ng sap o rubber ng mga Olmec.
- Nagagamit ang batayan ng kalendaryo ng Sumerian at Mayan sa pagbuo ng kalendaryo sa kasalukuyan.
- Ang Romano at Griyego ay may malaking ambag sa kasalukuyang panahon tulad ng mga *arch*, *aqueduct*, *Olympics* at mga mahahalagang aklat tulad ng *Illiad* and *Odyssey*, *Fables*, *Biyolohiya* at marami pang iba na patuloy pa ring na nagagamit.
- Ang lahat ng ambag ng mga sinaunang kabihASNAN ay naging bukas na batayan sa patuloy na paglago at pagbabago ng sanlibutan.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Gawain: AdBakit?

Pumili ng isang kontribusyon ng KabihASNANg Klasikal at gumawa ng dalawang pahinang *pamphlet* na nagsusulong ng adbokasiya upang mapangalagaan ang mga kontribusyon nito sa kasalukuyan. Sundin ang *format* sa ibaba.

Front Page Larawan ng Kontribusyon	
First Page Ipaliwanag ang kahalagan ng kontribusyon sa kasakuyang panahon sa: Daigdig Pilipinas	Second Page Sumulat ng maikling pahayag na naglalaman ng iyong adbokasiya upang mapangalagaan ang kontribusyong iyong napili



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

	Rubric	
Pamantayan Disenyo at Kaangkupan	Deskripsyon Naipamalas ang angking galing sa pagsagawa ng disenyong nilikha. May angkop na tema na isinagawa	Puntos 10
Impormasyon	Mahusay na naipapaliwanag ang kontribusyon nito sa kasalukuyang panahon	10
KABUUAN		20 Pts

A. Panuto: Basahin at unawain. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa patlang.

Olympia Islam	Heliosentriko Socratic Method	Aesop Rhetoric
------------------	----------------------------------	-------------------

- _____ 1. Siya ay bantog na manunulat ng mga parabola na ang mga tauhan sa kwento ay mga hayop na nagsasalita.
- _____ 2. Sitemang solar na naglalagay sa araw bilang sentro ng sanlibutan.
- _____ 3. Lugar na unang pinagdausan ng paligsahan noong 776 BC.
- _____ 4. Si Socrates ay isang bihasang Pilosopo na ginamit ang paraang ito sa pagtuturo.
- _____ 5. Pumapangalawa sa pinakamalaking relihiyon sa daigdig.

B. Panuto: Tukuyin mula sa pahayag ang wastong paglalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik sa loob ng bilog.



6 ○



7 ○



8 ○



9 ○




10 ○

- Umiral sa panahon ng Babylonia ang paggamit ng buto o bead na nakatuhog sa patpat o rod.
- Si Blaise Pascal ay isang matematisyan na taga France ang kauna-unahang nakaisip na gumawa ng isang machine na tinawag na *Mechanical calculator*.
- Lumikha ng programa para sa Analytical Engine si Charles Babbage na tinatawag ngayong *computer program*
- UNIVAC o Universal Automatic Computer ang unang matagumpay na *commercial electronic computer*.
- Ang kaunaunahang computer ay nilikha ng International Business Machine o IBM. Ito ay halimbawa ng micro computer.

C. Panuto: Punan ang diyagram sa ibaba gamit ang salitang nasa loob ng kahon.

Plato Griyego(Greek) Mansa Munsa	Aristotle China Pulo sa Pacific	Aristarchus America	Euclid Africa Socrates	Roma, Islam Olmec
--	---------------------------------------	------------------------	------------------------------	-------------------------



Sanggunian:

Aklat

Elisio D. Malanay Jr, Araling Panlipunan 8, Kasaysayan ng Daigdig*Modyul Ng Mag-aaral (Department of Education-Bureau of Learning Resources: Groun floor, Bonifacio Bldg., DepEd Coplex Meralco Avenue, Pasig City Philippines,2016), Pahina 130-221

Website : Del Mundo, 2013 Kasaysayan ng kompyuter Retreived from:

<https://www.slideshare.net/ofhel/kasaysayan-ng-kompyuter-epp-vi>

Larawan:

- Atoll: <https://tinyurl.com/yxcru99p>
- Pyramid of Kukulcan: <https://tinyurl.com/y6wx5eng>
- mosque: <https://tinyurl.com/y3fcam7b>
- Machu Picchu: <https://tinyurl.com/yyklouqm>
- Banaue Rice Terraces: <https://tinyurl.com/yxeqgb2h>
- Gyungbokgoeng :<https://tinyurl.com/yxzg4urh>
- Vatican Church: <https://www.pikist.com/free-photo-xvycx>
- Pantheon <https://tinyurl.com/17z7w8p>
- National Museum: <https://tinyurl.com/y2rjvv2w>
- Ionic Doric, Corinthian : <https://tinyurl.com/y6pb6lkn>
- Hidilyn Diaz: <https://tinyurl.com/yxggysjx>
- Manny Pacquiao: <https://tinyurl.com/y6hejcrh>
- Homer : <https://tinyurl.com/y27a4lhj>
- Solar System: <https://tinyurl.com/yavxuh3l>
- Aqueduct:<https://tinyurl.com/y22ocphu>
- Socratic: <https://tinyurl.com/y5zwyqeg>
- Book of Aristotle : <https://tinyurl.com/yxqc54lc>
- Lion and mouse: <https://tinyurl.com/yymbemun>
- Arch: <https://tinyurl.com/yyhs0j4j>
- Tran Sahara <https://tinyurl.com/yxhyme7j>
- Analytical Engine: <https://tinyurl.com/yy3kj2s7>
- Univac: <https://tinyurl.com/y4ye4r7n>
- IBM <https://tinyurl.com/yxzh3h36>
- Islam: <https://tinyurl.com/y3zdmd29>
- Pascaline: <https://tinyurl.com/y4q4c3al>
- Colloseum: <https://tinyurl.com/y5aeco2d>
- Olympia: <https://tinyurl.com/yym4uvwo>
- 12 Tables : <https://tinyurl.com/yygrsmqo>
- Aristotle: <https://tinyurl.com/nzsa7pq>
- Illiad and Odyssey : <https://tinyurl.com/y2j7jvx2>
- Abacus: <https://tinyurl.com/y56ec236>
- The Geometry Shape: <https://tinyurl.com/y3n6b7zc>
- Plato: <https://tinyurl.com/y5tk2hnh>
- Rubber: <https://tinyurl.com/y2l299kh>
- Mosque: <https://tinyurl.com/yytgugc8>
- Calendar:<https://tinyurl.com/y2buejzz>
- Zeus: <https://tinyurl.com/y3ctuf3k>

1. Aesop 2. Heliosentriko 3. Olympia 4. Socratic Method 5. Islam 6. D 7. C 8. E 9. A 10. B 11. Aristotle 12. Euclid 13. Roma, Griyego(Greek), America, Africa at Pulo sa Pacific 14. Islam 15. Mansa Musa

Balik Tanaw 1.c.2, d.3, b.4, e.5, a

1.c 2. a 3. a 4. b 5. b 6. a 7. c 8. b 9. a 10. d 11. Kristyanismo 12. Papa 13. Latin 14. Iskolalar 15. biyolohiya

Unang Pagsukbok